

**LATENT TB.
AKTIBONG ALALAHANIN.
ISANG PATNUBAY PARA
SA MGA PASYENTE**

Programa para sa Tuberkulosis
Virginia Department of Health


Ang dulugang ito ng pasyente ay naglalayong magbigay ng impormasyon sa latent tuberculosis infection (LTBI), kabilang ang background ng kondisyon, paano ito nada-diagnose, at paano ito ginagamot. Bagaman ang dulugang ito ay dinisenyo para maging kapaki-pakinabang para sa lahat ng pasyente, umaasa kami na partikular itong kapaki-pakinabang sa mga na-diagnose na may LTBI, mga mas mataas ang peligrong magkaroon ng TB, mga nalantad sa TB, mga nagtatrabaho sa mga kalagayang mataas ang peligro sa TB, pati na ang mga miyembro ng pamilya nila, mga kaibigan, at ibang malalapit na nakasalamuha.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website sa <https://www.vdh.virginia.gov/tuberculosis/>.

I. BACKGROUND

ANO ANG LATENT TUBERCULOSIS INFECTION (LTBI)?

Ang latent tuberculosis infection (LTBI) ay isang kondisyon kung saan ang mga tao ay naiimpeksiyon ng bakterya na nagdudulot ng tuberkulosis (TB), pero hindi nagkakasakit na tulad ng mga may aktibong sakit na TB. Ang LTBI ay minsang tinutukoy na “natutulog na TB”, dahil ang bakterya ng TB ay nasa katawan pero hindi aktibo, at hindi dumadami. Dahil nalalabanan ng immune system ng katawan ang bakterya ng TB, ang taong may LTBI ay walang anumang sintomas, hindi nakakaramdam na may sakit, at hindi maikakalat ang bakterya ng TB sa ibang tao.




Ang TB ay maiiwasan at magagamot na sakit na dulot ng bakteryang tinatawag na *Mycobacterium tuberculosis* (*M. tuberculosis*). Subalit, hindi lahat na naimpeksiyon ng *M. tuberculosis* ay nagkakaroon ng aktibong sakit na TB. Ang bakterya ay karaniwang umaatake sa mga baga, pero maaaring umatake sa anumang bahagi ng katawan. Ang mga sintomas ay maaaring iba-iba depende sa kung saan umatake ang sakit sa katawan. Maaaring kasama ng mga sintomas na ito ang pag-ubong nagtatagal nang mahigit sa 3 linggo, panghihina, lagnat, pagpapawis sa gabi, pananakit ng dibdib, at pag-ubo ng dugo. Kung hindi ginamot, maaaring magdulot ng pagkamatay ang aktibong sakit na TB.

Bagaman hindi aktibo ang bakterya sa LTBI, nananatili silang buhay sa katawan mo at maaaring maging aktibo kung hindi magamot. Kapag nangyari ito, maaari kang magkaroon ng aktibong sakit na TB, na makakapagpasama nang lubos sa iyong pakiramdam. Kaya, napakahalagang kumpletuhin ang paggamot ng LTBI para mapigilan na magkaroon ka ng aktibong sakit na TB.

PAANO NAKAKAKUHA NG LTBI?

Ang bakterya ng TB ay kumakalat sa hangin mula sa isang tao papunta sa iba kapag ang taong may aktibong sakit na TB ay nagsalita, umubo, tumawa, kumanta, o bumahing. Ang bakterya ng TB ay mapapakawalan sa hangin at kung malapit ka sa taong ito kapag ito ay nangyari, maaaring masinghot mo ang mga bakteryang ito at magkaimpeksyon ka.

Ang aktibong sakit na TB ay pinakaraniwang kumakalat sa mga taong nagkikita araw-araw at may malapitang kontak sa bawat isa – tulad ng mga miyembro ng pamilya, magkakaibigan, magkakatrabaho, o magkakaeskuwela.



Kung ipinanganak ka sa labas ng United States, maaaring natanggap mo ang bakunang Bacille Calmette–Guérin (BCG) noong bata ka pa. Pinipigilan ng bakunang ito ang mga sanggol at mga batang bata na magkaroon ng mga malalang uri ng TB. Subalit, hindi ito nagbibigay ng panghabang-buhay na proteksyon mula sa TB. Tingnan ang Bahagi II para matutunan kung paano ka makakapagpa-test para sa TB kahit na nabakunahan ka ng BCG noong bata ka pa.

SINO ANG NASA PELIGRONG MAGKAROON NG AKTIBONG SAKIT NA TB?

Bagaman 5-10% lang ng mga tao na may LTBI ang magkakaroon ng aktibong sakit na TB kung ang kanilang LTBI ay hindi nagamot, mga 80% ng mga kaso ng aktibong TB sa United States ay dahil sa hindi nagamot na LTBI. Bilang karagdagan, ang ilang taong may LTBI ay mas malamang na magkaroon ng aktibong sakit na TB kaysa sa ibang tao.

Ang mga taong nasa mataas na peligrong magkaroon ng aktibong sakit na TB ay napapailalim sa dalawang kategorya sa pangkalahatan:

1. Ang mga taong kamakailang naimpeksyon (sa loob ng dalawang taon mula sa pagkalantad) ng bakteryang TB;
2. Ang mga taong may mga sumusunod na kondisyon, na nagpapahina sa immune system:
 - HIV na impeksyon
 - Paggamit ng droga, sa partikular ay paggamit ng iniiniksyong gamot
 - Specialized na paggamot para sa rheumatoid arthritis o Crohn's disease
 - Mga organ transplant
 - Malalang sakit sa kidney
 - Kanser sa ulo at leeg
 - Diyabetis
 - Mga medikal na paggamot, tulad ng paggamit ng mga corticosteroid
 - Silicosis
 - Mababang timbang ng katawan
3. Bilang karagdagan, ang mga bata, lalo na ang mga mas bata sa limang taong gulang, ay may mas mataas na peligro na magkaroon ng aktibong sakit na TB kapag naimpeksyon.

HINDI KA MAKAKAKUHA NG TB MULA SA:


- Pagsalo sa pagkain o inumin
- Pakikipagkamay
- Pagyakap
- Paghipo ng mga upuan sa kubeta

II. PAGSUSURI

DAPAT BA AKONG MAGPASURI PARA SA TB?

Dapat kang magpasuri kung:

- Nakasama mo ang isang taong alam mo o pinaghihinalaan na may aktibong sakit na TB;
- May sintomas ka ng aktibong sakit na TB;
- Ipinanganak ka, tumira, o madalas na bumiyahe sa mga bansa kung saan ang aktibong sakit na TB ay karaniwan;
- Mayroon kang HIV o ibang kondisyon na nagpapahina sa iyong immune system;
- Gumagamit ka ng mga iniiniksyong gamot;
- Nagtatrabaho ka o nakatira sa mga lugar kung saan may malalaking grupo ng tao kung saan karaniwan ang TB, tulad ng mga masisilungan ng mga walang tirahan, mga koreksyonal, o mga nursing home.



PAANO AKO MAGPASUSURI PARA SA LTBI?

Para masuri para sa LTBI, may dalawang opsyon – ang pagsusuri sa dugo para sa TB at ang pagsusuri sa balat para sa TB. Makakakuha ka ng pagsusuri sa balat o dugo para sa TB mula sa iyong doktor o lokal na kagawaran ng kalusugan. Ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay magsasabi sa iyo kung aling pagsusuri ang pinakamabuti para sa iyo, at dapat may kasamang plano para sa follow-up na pangangalaga kung na-diagnose ka na may aktibong sakit na TB o LTBI.

MGA PAGSUSURI SA DUGO PARA SA TB

Ang mga pagsusuri sa dugo para sa TB, kilala rin bilang interferon gamma release assays (IGRAs), ay nangangailangan ng isang pagbisita sa tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan. Kukuha ang tagapagkaloob

mo ng sampol ng dugo mo at ipadadala ito sa isang laboratoryo para malaman kung mayroon ka ng bakterya ng TB. Ang IGRA ay ang mas ginugustong pagsusuri sa TB para sa mga nakatanggap ng bakunang BCG, at iyong mga nahihirapan bumalik para sa kailangang follow up na pagbisita para sa pagsusuri sa balat ng TB.

- Ang positibong IGRA test ay nangangahulugan na naimpeksyon ka ng bakterya ng TB. Subalit, kakailanganin mo ng mga follow up na pagsusuri para matukoy kung mayroon kang LTBI o aktibong sakit na TB.
- Ang negatibong IGRA ay nangangahulugan na ang dugo mo ay hindi nag-react sa pagsusuri at malabong may LTBI at aktibong sakit na TB.

MGA PAGSUSURI SA BALAT PARA SA TB

Tulad ng pagsusuri sa dugo para sa TB, ang pagsusuri sa balat para sa TB o tuberculin skin test (TST) ay isang pagsusuri na isinasagawa ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para matukoy kung naimpeksyon ka ng bakterya ng TB. Para sa pagsusuring ito, mag-iiniksyon ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng kaunting tuberculin, isang protina sa pagsusuri, sa ibabang bahagi ng braso mo. Pagkatapos, makalipas ang 48-72 oras, babalik ka sa tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan para sukatin ang anumang reaksyon na maaaring mayroon ka kung saan iniiniksyon ang tuberculin. Batay sa pagsukat ng anumang reaksyon at sa iyong medikal na kasaysayan, tutukuyin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung positibo o negatibo ang pagsusuri.

- Ang positibong TST ay nangangahulugan na naimpeksyon ka ng bakterya ng TB. Subalit, kakailanganin mo ng mga follow up na pagsusuri para matukoy kung mayroon kang LTBI o aktibong sakit na TB.
- Ang negatibong TST ay nangangahulugang hindi nag-react ang katawan mo sa pagsusuri at malabong mayroong LTBI at aktibong sakit na TB.


FOLLOW UP NA PAGSUSURI

Kung kamakailan kang nalantad sa TB, maaaring kailangan mo ng pangalawang pagsusuri sa TB pagkalipas ng 8-10 linggo mula sa iyong pagkalantad, dahil baka masyadong maaga para makagawa ang katawan mo ng positibong pagtugon. Kung negatibo ang pangalawang pagsusuri, malamang ay wala kang LTBI o aktibong sakit na TB.

Kung ang iyong IGRA o TST ay positibo, ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay kailangang gumawa ng mga karagdagang pagsusuri para malaman kung mayroon kang LTBI o aktibong sakit na TB. Karaniwang kasama rito ang x-ray sa dibdib para maghanap ng senyales ng aktibong sakit na TB sa mga baga mo, pero maaaring kasama rin ang sampol ng dura kung may ubo ka. Hindi laging nasa baga mo ang TB, maaaring kukuha ng mga ibang sampol ang tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan.

Pakitandaan, ang LTBI at ang aktibong sakit na TB ay mga dapat iulat na kondisyon sa Virginia, kaya kailangang iulat ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ang anumang mga positibong resulta sa lokal na kagawaran ng kalusugan. Subalit, mananatiling kumpidensiyal ang mga resulta ng pagsusuring ito, at hindi ka puwedeng tanggalin sa trabaho, o makaranas ng anumang epekto sa katayuan mo sa imigrasyon.

Kung may aktibo kang sakit na TB, malamang ay aalukin ka ng HIV test para masuri kung may HIV ka. Mahalaga ito para sa iyong paggamot at pangangalaga.



III. PAGGAMOT

Nauunawaan namin na maaaring nakakapanlumo ang ma-diagnose na may LTBI at magkakaroon ka ng maraming tanong. Gusto naming siguruhin sa iyo na **magagamot ang LTBI** at ang paggamot na ito ng LTBI ay makakapagpigil na magkaroon ka ng aktibong sakit na TB. Bagaman magagamot din ang aktibong sakit na TB, kung magkaroon ka nito, malamang ay talagang sasama ang pakiramdam mo at maaaring makapanghawa ka ng TB sa ibang tao. Kaya, ang paggamot ng LTBI ay maaaring magpanatili sa iyo at sa iyong pamilya, mga kaibigan, at mga katrabaho na malusog at ligtas.

PAANO GINAGAMOT ANG LTBI?

May ilang opsyon sa paggamot na maaari sa iyo para gamutin ang LTBI. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para matukoy ang mga pinakaangkop na opsyon sa paggamot batay sa kasalukuyan mong katayuang pangkalusugan at iba pang mga gamot na iniinom mo.

Sa kasalukuyan, inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ng National Tuberculosis Controllers Association (NTCA) ang mga panandaliang paggamot.

Pinahihintulutan ka ng mga opsyong ito na makumpleto ang paggamot mo sa tatlo o apat na buwan. Kung ang mga opsyong ito ay hindi angkop, ipapasailalim ka ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa



anim o siyam na buwan na paggamot. Narito ang mga posibleng opsyon sa paggamot:

- Tatlong buwan ng isang beses kada linggo na isoniazid at rifapentine (3HP)
- Apat na buwan ng rifampin (4R) araw-araw
- Tatlong buwan ng isoniazid at rifampin (3HR) araw-araw
- Anim o siyam na buwan ng isoniazid (6H o 9H, ayon sa pagkakabanggit)

Tulad ng nabanggit sa mga naunang seksyon, may ilang populasyon o grupo ng mga indibidwal na nasa mas mataas na peligro na magkaroon

ng aktibong sakit na TB kapag nalantad. Kasama rito ang mga sanggol, mga bata, at mga taong nabubuhay nang may HIV. Ang mga populasyong ito ay maaaring bigyan ng paggamot kung nalantad sila sa TB, kahit na negatibo ang kanilang pagsusuri sa TB, dahil sa dagdag na peligro. Pakitalakay ito sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw o ang anak mo ay nasa isa sa mga populasyong ito.

Kinikilala namin na ang paggamot ng LTBI ay mas matagal kaysa sa paggamot sa maraming ibang bakteryal na impeksyon, tulad ng pulmunya, na maaaring nagkaroon ka. Ito ay dahil ang bakterya ng TB ay mas mabagal dumami kaysa sa maraming ibang bakterya, kaya kailangan nito ng mas matagal na paggamot. Subalit, ang paggamot ng LTBI ay mas simple at mas mabilis kaysa sa paggamot sa aktibong sakit na TB. Ang pagtanda ng eksaktong pagsasagawa mo ng kumpletong paggamot tulad ng sinabi sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay ang tanging paraan para mapigilan ang LTBI na maging aktibong sakit na TB.

ANO ANG KAILANGAN KONG MALAMAN TUNGKOL SA PAGGAMOT NG LTBI?

Depende sa opsyon mo sa paggamot, iinom ka ng mga gamot araw-araw man o lingguhan. Napakahalaga na inumin mo ang iyong mga gamot nang eksakto tulad ng sinasabi sa iyo ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pag-inom ng buong dosis sa tamang oras, at pagkumpleto ng buong kurso. Pinakamahasag na gumagana ang gamot sa pagpigil sa pagkakaroon ng aktibong sakit na TB kung iniinom mo ito nang tama.

Bilang karagdagan, depende sa opsyon ng paggamot, maaaring kailangan mong pumunta sa tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan para inumin ang mga gamot mo. Tinatawag itong direktang inoobserbahang paggamot (directly observed therapy, DOT). Maaaring makatulong ang DOT dahil masasagot ang mga tanong, matutugunan ang anumang mga side effect, at matitiyak na makumpleto mo ang iyong paggamot sa lalong madaling panahon ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

PAGGAMIT NG MGA HORMONAL CONTRACEPTIVE AT PAG-INOM NG ALAK SA PANAHON NG PAGGAMOT NG LTBI

Kung sa kasalukuyan ay gumagamit ka ng mga hormonal contraceptive (mga birth control na pildoras, implant, Nuvaring, Patch, depo provera, progesterone lang na pildoras), mangyaring tandaan na ang mga gamot sa TB ay makakaapekto sa kung gaano kabuti gumagana ang mga gamot na ito. Pakitalakay ito sa tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan at gumamit din ng mga paraang panghadlang, tulad ng mga condom, para maiwasan ang pagbubuntis.

Maaaring mapanganib ang pag-inom ng alak, tulad ng beer, liquor, o wine, habang umiinom ng mga gamot para sa TB. Mangyaring talakayin ang anumang pag-inom ng alak sa tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan.

BAKIT AKO IINOM NG GAMOT KUNG DI KO NAMAN RAMDAM NA MAY SAKIT AKO?

Kahit na pakiramdam mo ay wala kang sakit at hindi makakapanghawa ng TB sa ibang tao, hangga't mayroon kang bakteryang TB sa katawan mo, maaari itong magdulot ng sakit sa iyo. Ang tanging paraan para matanggal ang bakteryang TB ay isagawa mo ang kumpletong kurso ng paggamot ng LTBI.

PAANO KUNG MALAKTAWAN KO ANG ISANG DOSIS NG AKING GAMOT PARA SA LTBI?

Kung malimutan mong uminom ng isang dosis ng iyong gamot para sa LTBI, sabihin sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa susunod mong appointment. Siguruhin na hindi ka uminom ng ekstrang dosis, dahil ang pag-inom ng mahigit sa isang niresetang dosis sa isang inuman ay hindi inirerekomenda.

Kung makaligtaan mo ang dalawang linggo o higit pa ng iyong gamot sa LTBI, makipag-appointment sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa lalong madaling panahon upang matukoy kung paano ipagpapatuloy ang iyong plano sa paggamot ng LTBI.

ANG MGA GAMOT BA AY MAY MGA SIDE EFFECT?

Bagaman nakakayanan ng karamihan sa mga tao ang mga gamot para sa LTBI, may ilang karaniwang side effect. Karamihan sa mga side effect na ito ay hindi malubha, pero ang ilan ay nangangailangan ng agarang medikal na atensyon. Depende sa rehimen ng paggamot na itinakda sa iyo, maaari mong maranasan ang mga sumusunod:

- Orange-red na kulay ng laway, ihi, luha, at iba pang fluid ng katawan– ito ay normal at maaaring unti-unting mawala sa paglipas ng panahon
- Kapaguran

Kung nakakaranas ka ng malubhang mga side effect sa panahon ng iyong paggamot, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Kabilang sa mga malubhang side effect ang:

- Pagkahilo o parang lumulutang na pakiramdam
- Kawalan ng ganang kumain
- Mga sintomas na parang trangkaso (hal., lagnat, pangangatog, sakit ng ulo, pagkahilo, musculo-skeletal na kirot)
- Malalang pagtatae o light na kulay ng tae
- Pangangapos ng hininga
- Pakiramdam ng kalungkutan o depresyon
- Lagnat
- Hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang
- Brown na ihi (kulay ng kape o coke)
- Naninilaw na balat o mga mata
- Pantal
- Patuloy na pakiramdam ng parang tinutusok tusok ang mga kamay at paa
- Patuloy na kapaguran o panghihina nagtatagal nang 3 o mas marami pang araw
- Pananakit ng tiyan
- Madaling pagpapasa o pagdurugo
- Pananakit ng kasu-kasuan
- Pagduruwal/Naduruwal
- Pagsusuka
- Pangangati

ANO ANG MAAARING MANGYARI KUNG HINDI KO MAKUMPLETO ANG AKING PAGGAMOT?

Kung hindi mo kinumpleto ang buong kurso ng mga gamot mo para sa LTBI, ang bakterya ng TB ay mananatili sa katawan mo at maaaring maging aktibong sakit na TB. Muli, ang tanging paraan para maalisan ang bakterya ng TB ay isagawa ang kumpletong kurso ng paggamot ng LTBI.

ANO ANG MANGYAYARI MATAPOS KONG MAKUMPLETO ANG AKING PAGGAMOT?

Kapag nakumpleto mo na ang iyong paggamot sa LTBI, makakatanggap ka ng dokumentasyon sa pagkumpleto sa paggamot mula sa tagapagkaloob mo ng pangangalagang pangkalusugan. Kasama sa dokumentasyong ito ang mga resulta ng pagsusuri sa TB, mga resulta ng x-ray sa dibdib, ang mga pangalan, dosis, at tagal ng pag-inom ng mga gamot mo, at ang impormasyon tungkol sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.



Siguruhing itabi ang dokumentasyong ito sa isang ligtas at segurong lugar, dahil kakailanganin mong ipakita ang dokumentasyong ito sa hinaharap sa tuwing hihilingin ang screening para sa TB. Dahil ang anumang pagsusuri sa TB sa hinaharap ay mananatiling positibo, hindi mo na kailangang masuri para sa TB sa hinaharap. Subalit, laging siguruhin na bigyang pansin ang alinman sa mga senyales o sintomas ng aktibong sakit na TB na naunang nabanggit. Tawagan ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung magkaroon ka ng anumang mga senyales o sintomas ng aktibong sakit na TB.

MGA PINAGKUNAN

Brown University Health Services. (2019). *Treatment for Latent Tuberculosis Infection (LTBI): Brown Health Services Patient Education Series*. Brown University Health Services. <https://www.brown.edu/campus-life/health/services/sites/brown.edu.campus-life.health.services/files/LTBI%20Treatment.pdf>

California Department of Public Health. (2018). *TB Free California: Talking to your patients about LTBI (adult patients)*. California Department of Public Health. https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/Latent%20TB%20Starter%20Kit%20for%20Providers/Provider_script_for_LTBI_counseling-adults.pdf

Centers for Disease Control and Prevention. (2012). *Tuberculosis: Get the Facts!* [Brochure]. https://www.cdc.gov/tb/publications/pamphlets/Tuberculosis_Get_the-facts.pdf

Centers for Disease Control and Prevention, National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention, Division of Tuberculosis Elimination. (2020). *Latent Tuberculosis Infection: A Guide for Primary Health Care Providers*. Centers for Disease Control and Prevention. <https://www.cdc.gov/tb/publications/faqs/pdfs/qa.pdf>

Centers for Disease Control and Prevention, National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention. (2014). *Mga Tanong at Sagot Tungkol sa Tuberculosis [TB]*. Centers for Disease Control and Prevention. <https://www.cdc.gov/tb/publications/faqs/pdfs/qa.pdf>

Centers for Disease Control and Prevention, National Center for HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, and TB Prevention. (2014). *TB: Ano ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Impeksyong Tuberkulosis*. Centers for Disease Control and Prevention. https://www.cdc.gov/tb/publications/pamphlets/tb_infection.pdf

Curry International Tuberculosis Center. (August 2020). *Nakatagong Impeksyon sa TB "Natutulog na TB"* [PowerPoint slides]. Curry International Tuberculosis Center. <https://www.currytbcenter.ucsf.edu/products/ltbi-flipbook-patient-education-tool>

Sterling, T.R., Njie, G., Zenner, D., Cohn, D.L., Reves, R., Ahmed, A., Menzies, D., Horsburgh Jr, C.R., Crane, C.M., Burgos, M., LoBue, P., Winston, C.A., & Belknap, R. (2020). Mga Gabay para sa Paggamot ng Nakatagong Impeksyon sa Tuberkulosis: Mga Rekomendasyon mula sa National Tuberculosis Controllers Association and CDC, 2020. *Morbidity and Mortality Weekly Report (MMWR): Recommendations and Reports*, 69(No. RR-1), 1-11. DOI: <http://dx.doi.org/10.15585/mmwr.rr6901a1>

MGA TALA

MGA TALA

MGA TALA



Latent TB. Active Concern.
Tuberculosis Program

Nilalayan ng Programa para sa TB ng Virginia Department of Health na pigilan, gamutin, at alisin ang TB para protektahan ang kalusugan at itaguyod ang kabutihan ng kalagayan ng lahat ng tao sa Virginia.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website sa <https://www.vdh.virginia.gov/tuberculosis/> o kontakin kami sa 804-864-7906 o tuberculosis@vdh.virginia.gov